# BOROTOY'S JAMBO JOURNAL

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE 17TH NATIONAL SCOUT JAMBOREE
BOY SCOUTS OF THE PHILIPPINES

2019 EDITION ISSUE 3 | DECEMBER 04, 2019




**LAGING HANDA.** Ito ang animo'y pahayag ng mga batang iskawt habang inihahanda ang sarili para sa paglikas bunsod ng bagyong Tisoy. (JAYSON NALICAT)

KALMADONG ALON SA NAGNGANGALIT NA DAGAT

## Bagyong Tisoy, sinubok ang kahandaan ng Iskawts

ni Jayson Nalicat

Hilera ng mga naglalakihang truck, mga iskawts na kanya-kanyang hila ng gamit , mga paroo't parito na mga sasakyan ng pulis at lokal na ahensiya, mga pag-ugong ng sirena, ang mga maya't mayang pagtawag sa radyo ng mga awtoridad na nasa gilid at gitna ng kalsada habang ang kalangitan ay nagngingitngit sa badya nitong pagbuhos ng malakas na ulan. Subalit wala ni anumang bakas ng pagkabagabag ang makikita sa mukha ninuman.

Ganito ang mismong tanawin sa ikatlong araw ng 17th National Scout Jamboree nang ipatupad ang preemptive evacuation na inantabayanan at ipinatupad ng Municipal Disaster Risk Reduction Management Office (MDRRMO)-Botolan na pinamumunuan ni G. Andy Divino.

"Usually sa mga contingent, sa mga iskwats, mas gusto sila na ulanin sila, it's part ng scouting na mararanasan nila...natutuwa kami na ganun nila tintingnan (ang sitwasyon)...pero mas maganda ang mas maagap" pambungad ni Divino.

Ito ay kaugnay ng ulat panahon sa pananalasa ng bagyong Tisoy na tinatahak ang Batangas at Hilaga ng Oriental Mindoro sa pinakahuli nitong anunsiyo ganap, ika-2 ng hapon, Dis. 3.

"Hindi natin ito sinasabing aberya kasi part ito ng pagkatuto, nagkataon lang naman na may ulan talaga pero 'yong pagiging handa ay tatak ng BSP" dagdag pa ni Divino.

Sa kabila nito, ipinakita parin ng bawat delegado ang kahandaan, kalmadong kalooban at bukas na isipan para sa tunay na layuning matagal nang ikikintal sa puso, isip at gawa ng bawat iskawt na pinipiling lumahok sa ganitong pagtitipon upang magamit ang natutunang kaalaman sa tunay na buhay.

## Pagiging maka-Diyos, madiskarte, bumida sa Character Village

nina Ara Joy Baluyot at Joseph Famularcano

Aktibong nakibahagi ang mga Scouts ng 17th National Scout Jamboree (NSJ) sa mga aktibidad na hatid ng Character Village, Dis. 2, 2019.

Layunin ng naturang gawain na masubok at mahubog ang kakayahan at kaalaman ng bawat iskawts patungkol sa mga aksiyong dapat gawin sakaling malagay sila sa panganib at higit sa lahat, mapatatag ang kanilang pananampalataya sa Panginoon.

Ilan sa mga pagsubok na pinagdaanan ng mga Scouts sa Survive Module ay ang paggawa ng 'improvised shelter' gamit ang mga lokal na materyales at 'pioneering' na makatutulong sa mga ito para makaligtas sa anumang kapahamakan.

Samantala, isinagawa rin sa Spirit Module ang ilang mga aktibdad tulad ng reading of holy scriptures, exhibit of world religion at film showing kung saan maraming natutunan ang mga deligado kaugnay sa ispiritwal na aspeto.

"Pinaka-nagreflect talaga sa akin is yung relationship ko with God which is mas tumatag dahil na rin sa mga natutunan ko ngayong araw," saad ni Noriel M. Bagsic, Senior Scout ng Kaloocan Council.

## BSP adopts solar energy importance

by Hannah Gernale

"It is to promote an awareness among scouts about the utilization of the solar energy" -Jay U. Sargento, ZBH, Lipa City Council.

"Scouts Go Solar" Project, an environmental partnership between the SolAfrica and Green Peace, provided information about proper the usage of solar energy to scout who attended the Spread Module-Citizenship Village.

Through various activities promoting the use of solar energy, the participants experienced solar cooking, grasshopper race, turning table, color test and beep wherein most of the gadgets were battery-powered by solar suitcases.

"Solar energy is a sustainable source of energy, di nauubos, di nakasisira ng kalikasan," Sargento explained as he gave the advantages of utilizing solar energy.

## 'Preserve life, Prevent harm', hatid ng Red Cross CPR lecture

ni Mark Ronel M. Diñoso

Kaugnay sa tema ng 17th National Scout Jamboree na Saving Lives, nagbigay ng Cardio Pulmonary Resuscitation (CPR) lecture ang Philippine Red Cross (PRC) sa activity area ng Camp Kainomayan, Botolan, Zambales noong Dis. 2, 2019.

Ang nasabing gawain ay nakapaloob sa isa sa mga sub-stations ng SHAPE module ng Citizenship Village.

"Nais namin na kahit isa sa miyembro ng pamilya ay magkaroon ng kaalaman na ito kung sakaling may sakuna," pagbibigay diin ni Arjay Montemayor, RN,LPT, Safety Service Instructor ng PRC.

Samantala, ayon naman kina Joshua Allan at Vhon Wanas, mga deligado ng Baguio City Council, importante po talaga ang lecture na ito kasi makatutulong po in case of emergency.

Inaasahang mabibigyan ng sapat na kaalaman ang mga iskawts sa paglalapat ng paunang lunas bago matapos ang nsabing module.

## BOROTOY'S GOAL

DECEMBER 04, 2019

| TIME | ACTIVITY |
|---|---|
| 0500-0700 | Wake Up/Wash Up/Morning Routine Religious Services/ Camp Inspection |
| 0700-1200 | FOUR Jamboree Thematic Villages **Special Adults in Scouting Module** |
| 1200-1300 | Friendship and Camaraderie LUNCH |
| 1300-1700 | FOUR Jamboree Thematic Villages **Special Adults in Scouting Module** |
| 1700-1800 | Senior Scout Advancement & Merit Badge Center |
| 1800-1900 | FELLOWSHIP DINNER & SUB- CAMP LIFE |
| 1900-2000<br>2000-2300 | Film Showing<br>Grand Mindanao Cultural Night Recital |
| 2300 H | TAPS/ LIGHTS OUT/ SILENCE |

SPECIAL**REPORT**

## Serbisyong 'sing linaw ng tubig

**ni Andrei F. Pangilinan**

"Hangga't nandito ang mga campers, nandito kami", pahayag ni Ms. Marilyn Alfonso ng MJJ Water Station na siyang nagsu-supply ng tubig sa lahat ng subcamps mula sa unang araw hanggang matapos ang Jamboree.

Tiniyak ni Alfonso na hindi magkakaroon ng water shortage sa 17th National Scout Jamboree lalo pa't nagdadagdag umano sila ng mga truck ng tubig at magdouble-time sa pag-refill ng mga empty bottles na ibinibigay sa mga iskawts araw-araw.

Sa kanilang pagtataya, ang kanilang tatlong istasyon ng tubig palang ay umaabot sa 800-1200 piraso na 20 L jug ng inuming tubig ang nauubos ng buong delegado sa isang araw o katumbas ng 12 milyong bote ng 500ml na kung bibigyang presyo ay tinatayang 15 piso ibinibenta.

Ang MJJ Water Station ang itinalaga ng pamunuan at konseho upang maging supplier ng tubig sa nasabing encampment.

"Bilang host po kami (Zambales), gusto po naming maging part ng 17th National Scout Jamboree", panghuling salita ni Alfonso na ipinaunawang iyon ang nagsisilbing mainit nilang pagtanggap




# ANATOMY OF A SCOUT

Being a Scout is not, was not and will never be easy, but this is what Scouting is all about.

As typhoon 'Tisoy' continues to bring violent winds and heavy rains in the southern part of Luzon it is so alarming that any time today it will passes by here in Zambales where the 17th National Scout Jamboree is happening.

The BSP motto is "Laging Handa", as what Scouts should always be.

"Bagyo lang yan, scouts kami." This should always be our mantra of facing this calamity, because here, we are not in the hands of our parents. We only have ourselves.

Even if the typhoon's effect is not yet felt, it is still better to be prepared, since signs are already manifested.

Aside from the typhoon Tisoy, there are also other risks around the campsite such as sand-storm, extreme heat and local wildlife among others. But with the help of the Jamboree Organizing Committee and other agencies, our camp is prepared to ensure the safety of all its participants.

To be a scout does not only mean to be in uniform, neckerchief, badge or how many times did we joined scouting. It is how we apply all the lessons and skills as well as the values we have learned from Scouting.

Yes, being a scout is not, was not and will never be easy but this is what scouting is for and that concludes the anatomy of a Scout.

**SPECIAL FEATURE**

# MGA DEBOTONG ISKAWT NI INA PEÑAFRANCIA

**ni Gellen R. Enap**

"Religious dance siya, tungkol kay Nuestra Señora de Peñafrancia," pambungad na pahayag ni Yuri Inciong, isa sa mga nagsanay at humubog sa mga talentadong iskawt na nagmula sa Camarines Sur na nagtanghal ng kanilang katutubong sayaw sa entablado ng 17th National Scout Jamboree. Napiling ipalabas ng mga Bikolano ang Peñafrancia Festival sa Luzon Cultural Night sapagkat nais nilang ipakita ang tunay na pagmamahal at debosyon kay Ina Peñafrancia, patron ng Bicolandia.

Nagpakitang gilas ang bawat iskawt na nagmula sa Bikol, hindi inalintana ang paparating na sama ng panahon at malamig na simoy ng hanging dumadampi sa kanilang mga balat maipakita lamang ang mayamang kultura na hanggang ngayon ay laganap pa rin sa kanilang lugar . Pagiging relihiyoso ang isa sa mga tatak ng mga taga Camarines Sur. Kasabay ng pagkampay ng mga puno ang paggalaw ng katawan na sumisimbolo sa maalab na pananampalataya sa kanilang mapaghimalang patron. Bukod sa pagpapakita nila ng debosyon kay Ina, inawit rin nila ang tanyag na awiting "Sarung banggi" na katumbas ng tagalog na salitang 'isang gabi'. Nagbahagi rin ang bawat iskawt ng kanilang mga kakaibang talento kagaya ng pagbigkas ng madamdaming spoken word ngunit punong puno ng aral para sa kabataan. Mayroon ding nagbeat box na nagbigay–aliw sa mga manonood.

"Ang isinuot namin ay nangangahulugang makulay," dagdag ni Inciong.

Tuwing buwan ng Setyembre, ipinagdiriwang ang Peñafrancia Festival sa siyudad ng Naga. Dito nagtitipon – tipon ang lahat ng mga deboto ni Ina. Bilang bahagi ng selebrasyon, mula sa Basilica ay inililibot ang poon sa isang Translacion papunta sa Cathedral at muling ibabalik sa Basilica sa pamamagitan ng isang fluvial parade. Bukod pa rito, nagsasagawa rin sila ng 'regatta' o karera ng mga bangka kung saan ang mga namamanatang tinatawag na mga voyadores ay tulong–tulong na nagbubuhat sa karosa ni Ina Peñafrancia.

Sa kabila ng pamamayagpag ng mga makabagong sayaw, mas pinili nilang ipakilala at ipagmalaki ang kanilang paniniwala sa kanilang Ina, sapagkat ayon sa kanilang outfit adviser na si Ginang Evelyn P. Valenciano, "Kung ano man 'yong talent na mayroon sila ay galing kay Ina, kaya lahat ng ipinakita nilang palabas ay alay para sa kaniya."

**BOROTOY'S Editorial**

*Consultant:* BSP National Office / David Dominic Lanuza/ Maria Domitela Mora / Majalia Dolandolan Dial / Emily D. Mayor

*Chief Editors:* Jayson J. Nalicat / Ginalyn F. Edpalin
*News Editor:* Krizza B. Dinoso/ Jeff Aaron D. Reytomas / Juvy C. Deliquina/ Jethro Ray A.Ticong
*Feature Editor:* Marc Jay R. Duque / John Spencer D. Arlega
*Layout Artist:* Angela Kristine Q. Cabal / Randell Echon / Emmanuel F. Pangilinan
*Writers:* Roger Encino / Fatima Edra / Juster Marc Echipare / Andrei F. Pangilinan / Ara Joy Baluyot / Dan Reyven Mendigorin / Gellen Enap / Lee John Ng / Janesa Joy Dullas / Hannah Lee Gernale / Ryan Cabusao / Jhonley Paul Quilalang / Rachel Loreign D. Panes / Marielle Castrence / Joseph Clyde Famularcano / Irish Jan Cabalar / Juliana Marie Macaalay



# si Eba SA DAIGDIG NG MGA ADAN

ni Mark Jay A. Duque

> "May image kasi ang mga babae na mas mahina kaysa sa mga lalaki. Nais kong patunayan din na kayang makipagsabayan ng mga babae sa mga lalaki.

Mundong para rin sa mga babae. Ganito inilarawan ng mga babaeng Iskawts mula sa Olongapo City Council ang kanilang desisyong lumahok sa 17th National Scout Jamboree na kasalukuyang ginaganap sa Botolan, Zambales. Mga babaeng Iskawts na hindi ginawang usapin ang kasarian upang tanggapin ang hamon na makipagsabayan sa mundong ang alam ng karamihan ay pinamumunuan ng pawing kalalakihan.

Mula sa pagiging mga rehistradong Girl Scouts, nagdesisyon sina Patricia P. Teng Gui, Leona Jane F. Velonza at Mikaela Ingrid M. Villavicencio na maging mga miyembro na rin ng Boy Scouts dahil sa kagustuhang mapabilang sa lumalaking bilang ng mga rehistradong Boy Scouts sa Pilipinas. Tatlo lamang sila sa mga matatapang na babae na nagnanais na maranasan ang mga pinagagawa at aktibidad ng Boy Scouts of the Philippines.

"Natutuhan ko po 'yong gist katulad ng pagkakaroon ng respeto sa aking kapwa. 'Yong respeto, pwede namang gawin ng sa iba yung iba hindi totoo. Kailangan pong matutunan at isapuso." pahayag ni Iskawt Patricia. Mula sa simpleng pagbabahagi ng mga karanasan, nakakakuha tayo ng bagong kaalaman at mga patunay na ang respeto ay hindi lamang ipinaparamdam tuwing jamboree kundi sa araw – araw na tayo ay nagbibigay – respeto sa mga taong nakakasalamuha natin. Hindi natin dapat ipagdamot ang respeto, ito ay dapat nating isabuhay.

"May patakaran ang Boy Scouts na mahigpit na sinusunod ng mga iskawts. Ito ay ang pagiging responsible sa lahat ng ginagawa." dagdag ni Iskawt Leona. Natututunan na ang pagiging Iskawt ay hindi lamang pagdedepende sa ibang tao sa lahat ng pagkakataon kundi sa sarili pa lamang ay dapat naisasabuhay na. Isa sa pinakamahalagang layunin ng jamboree ay maturuan ang mga Iskawts na maging responsable sa kanilang mga salita at gawa. Susi ito upang maipamuhay ng mga iskawt ang turo ng iskawting.

Si Eba...sundan sa pahina 4

# Looking Behind Cordillera's Undying Culture

ni Mark Jay A. Duque

Nothing has changed. The rich culture is still there.

Cordillera scouts proudly performed their ethnic dance entitled "Mountain Province Cultural Dance" during the Luzon Cultural Night of the 17th National Scout Jamboree.

"The movement and the beat of the gongs are the manifestations of our rich past," George Cawas, Outfit Adviser of Baguio City Council said.

Despite having different ethnic dances from their region, they chose this dance as it shows their identity as the ethnic groups of Cordillera.

"This makes Cordillera different. No wonder, it has remarkable dance steps," Cawas added.

Though Cordillera has many ethnic groups like Kalinga, Aplay, Bontoc, Ifugao, and Ibaloi, they selected this cultural dance that symbolizes their unity and belongingness. It also manifests their praise to their common god.

Each part of their dance reveals their culture like the movement in circular formations, reflecting their unison, and graceful execution that tells something about their harmony. Their cultural attires, tapis for the girls and bahag for the boys also displays their deep love for their origins as Cordillerans. Their dance is incorporated with their music played with gangsa, which is composed of gongs of different sizes and thickness. This traditional dance is usually performed on their special occassions.

"Though their forefathers are illiterate, they realize that if they don't pass it, it will die," he added, expressing the reason why young generations should continue to embrace their culture as a legacy of their forefathers.

> "The movement and the beat of the gongs are the manifestations of our rich past,"
>
> -George Cawas



## BOROTOY'S LINGO

ni Andrei Pangilinan

Iskawters, ang mga pariralang ito ay halimbawa ng mga katanungan sa diyalekto ng aming angkang Sambal-Botolan.

**ANYA'Y NGALAN MO?**
*Ang pariralang ito sa Tagalog ay "Anong pangalan mo?"*

**AYRI KA AMPAIRI?**
*Ginagamit ito tuwing nagtatanong sa kanyang kapwa kung saan siya nakatira.*

**UNGNO'Y TAON KAY NA?**
*Ang tanong na ito sa Tagalog ay "Ilang taon ka na?"*

## SA BALIKAT NG ISANG *maparaang iskawt*

ni Juvy Deliquina / Irish Jan Cabalar / Joseph Clyde Famularcano / Jethro Ticong



**LAGING HANDA**. Ito ang animo'y pahayag ng mga batang iskawt habang inihahanda ang sarili para sa paglikas bunsod ng bagyong Tisoy. (JAYSON NALICAT)

Sa ilalim ng tirik na araw, ang patuloy na pagpatak ng pawis ng magkatuwang na Unit Leaders ng Caloocan City Council. Pasan ang labing – apat na pares ng sapatos, idagdag pa ang anim na sisidlan ng tubig na pabitin – bitin sa likuran ng isa pa, binabagtas ang daan patungo sa pinanggalingan nang hindi inaalintana ang brasong nangangalay sa bigat. Ipinakita ang pagiging maparaan sa gitna ng kahirapan.

"Bilang isang scout leader kasi, kung ano ang resources na nasa paligid, ay minamaximize lang namin." pambungad ni Emilio Bulaclac, 29, tubong Caloocan.

Hindi lingid sa kaalaman ng bawat campers ang Scout Oath and Law kung saan sila ay nahuhubog upang maging mabuting tao. Ito ay pinatunayan ng dalawang scouters na nagpamalas ng pagiging madiskarte at mapagmalasakit sa kanilang kapwa. "Isa sa mga values na dapat matutunan ng scouters at ibang tao ang pagiging mapamaraan." ani Emilio.

"Kailangan maging maparaan, hindi lahat ng bagay ay ituturo, kailangang magkaroon din ng sariling pagdiskubre at syempre magawang makatulong na rin sa kapwa at sa bayan." dagdag pa ni John Paul D. Arenas, 22, Caloocan.

Tunay ngang kahanga – hanga ang mabubuting gawi ng isang tao. Sa lawak ng karanasan ay ang pagkatutong magagamit upang maging matagumpay sa buhay. Sa pagkalinga'y patuloy na naglalayag ang mabuting kalooban ng mga scouters na nagsisilbing ilaw sa pintong binabalot ng pagod, puyat at kadiliman.

BOROTOY'S
JAMBO JOURNAL
The Official Newsletter of
17Th National BSP Jamboree
Issue 3 | December 04, 2019

NEWS FEATURE

# Aguasan, Samaritano ng Iskawting

by Emmanuel Pangilinan

Isa sa pinakamagandang katangian na maibabahagi ng isang tao sa kanyang kapwa ay ang pagiging matulungin.

Isa si Vince Aguasan sa mga drayber ng RAEDAG Construction na tutulong mag-"rescue" sa mga batang mag-i-"evacuate" kung sakali mang dumating na ang inaasahang bagyong si Tisoy.

Ayon kay Aguasan, nagsimula ang kanilang pag-aantabay ganap na ika-5 ng hapon (Disyembre 2,2019) kasama ang iniulat na 140 na sasakyang magbibigay serbisyo sa mga delegado kung saan 70 ang dump trucks na kayang maglulan ng 50 katao kada biyahe at inaasahang magrerelyebo sa tig-lilimang balikan masiguro lamang na ang lahat ay ligtas na maililikas.

"Tutulong kami para sa mga bisita natin dito sa bayan ng Botolan" panghuli ni Aguasan na naniniwala na ang pagtulong sa kapwa ay isang pang-sibikong gawain na hindi dapat makalimutan ng bawat isa.

# Country Village awakens Scout to reality

by Rachel Panes and Marielle Castrence

To share good aspects of life as a Scout and as an individual is one of the best benefits of 17th National Scout Jamboree.

This is what the Country Village offered as it forged the Scout's mind to be more productive individual.

"We are able to develop spiritual and character building specially in the Messenger of Peace wherein small act of kindness can make a big difference in developing future generations to have a bright output," Shun Michael Villegas from Cabanatuan City Council said on the interview.

Scout were distributed in two modules, the Sustain Module and Secure Module, where they experienced and discussed the relationship between building blocks of our country's progress, growth and development with the factors affecting its sustainability and national security.

The said modules are set to develop the Scout in becoming future great leaders of our country and society



Photo Courtesy of Kevin Lesaca Nacabuan


**PAY IT FORWARD.** This seems to be the value that scouting teaches the youths, to do good deeds, and make sure it would continually be done by the generations next to them. (ANDREI PANGILINAN)

# Villa: All the Scouts will go home as renewed person

ni Krizza B. Diñoso

"Lahat po ng mga anak ninyo pagbalik ay magiging iba na ang pananaw sa buhay," BSP Secretary General Rogelio S. Villa Jr. assured the parents of the Scouts on what will they get after their participation in the seven-day encampment.

In an interview with Ramon Magsaysay Council Chairman Ramon Lacbain II in his program Kuskus Batikos afternoon edition, Villa pointed out that the main highlight of the Jamboree concept is "Scouting is Real", which they have conceptualized during their participation in the 24th World Scout Jamboree-USA held at West Virginia last July, 2019.

It offers projects and activities due to the needs, wants, interests and aspirations of the Scouts and young people.

In addition, he stressed the discussion of the Jamboree Thematic Villages which aims to provide a holistic approach to character development among Scouts.

"Ito ang magpapaalala sa kanila ng lahat ng natutunan nila na ang Boy Scout ay talagang tagapagligtas ng buhay," Villa added as he mentioned about the Program Achievement Badge that every scouts will receive after completing all the sessions in every modules of the five thematic villages.

Si Eba...from page 3

"May image kasi ang mga babae na mas mahina kaysa sa mga lalaki. Nais kong patunayan din na kayang makipagsabayan ng mga babae sa mga lalaki" saad ni Iskawt Mikaela. Katulad sa pagsasanay ng mga sundalo, nais din niyang matutunan ang mga gagawing itinuturing na para lamang sa mga lalaki. Higit pa dito, ayaw niyang makulong sa kaisipan na ang mga mabibigat na gawain ay kaya lamang gawin ng mga Boy Scouts.

Kahit pa sabihing ang gawain ng mga lalaki ay para lamang sa mga lalaki, hindi nito matitinag ang kagustuhan ng mga babae na sumubok ng mga bagay na sa palagay nila ay makatutulong sa kanila sa araw – araw. Patunay lamang ito na sa jamboree man o kahit saan pa man, hindi na hadlang ang pagkakaroon ng magkaibang kasarian upang matutunan ang disiplinang dapat matutunan ng lahat. Disiplinang dati ay para lamang sa iilan, ngayon ay matututunan na nang lahat ng kasarian.

# Zambales Tourism Booth caps local industry, tourism

by John Spencer D. Arlega

"Kailangan natin ipakita na maganda ang Zambales para sa mga nais malaman kung ano ang meron tayo dito,"Jennifer Yap, Tourism Operations Assistant said yesterday as she imparted the objective of putting up the Zambales Tourism booth.

The booth showcases in-depth information about tourist spots, destinations, delicacies and even products which are considered as "pride" of Zambales.

It is also set to provide tour packages for those who are planning to visit and enjoy places in Zambales, or just simply try out adventures and experienced the host province can surely cater.

"We are here to serve and give them quality experience that Zambales could offer," Yap added as she invited everyone to visit the booth.